REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

**KAPASIYAHAN BILANG 92- 10**

**KAPASIYAHAN BAYAN NA HUMIHILING SA KAGAWARAN NG KATARUNGAN NA MAGTALAGA NG TANGGAPAN NG PAGPAPATALA NG KASULATAN (REGISTRY OF DEEDS) SA BAYAN NG MUNTINLUPA.**

*************************************************************

**SAPAGKAT,** dumarami na ang pangkat ng ari-arian sa Bayan ng Muntinlupa bilang tanda ng pag-unlad at paglago ng pangkalahatang pagmamay-ari ng ating mga mamamayan;

**SAPAGKAT,** ang mga mamamayan sa ating bayan ay may lumalalang suliranin sa pagpapatala ng kasulatan na kung saan ang mga ari-ariang di natitinag o interes dito ay nilikha, inililipat, isi-nasalin, o ang pagmamay-ari ng anumang ari-ariang di natitinag ay maapektuhan sa ilalim ng batas;

**SAPAGKAT,** ang kasalukuyang kinalalagyan ng Tanggapan ng Pagpapatala ng Kasulatan para sa mga ari-ariang di natitinag sa Bayan ng Muntinlupa ay matatagpuan pa sa Makati, Kalakhang Maynila, at ang ating mga mamamayan ay dumaranas ng malaking kaabalahan at hindi birong pagdurusa sa pagpapatala ng nabanggit na kasulatan;

**SAPAGKAT,** ang pagtatalaga ng Tanggapan ng Pagtatala ng Kasulatan sa Bayan ng Muntinlupa ay magbubunga ng tuwirang pakikipag-ugnayan ng mga mamamayan sa Pamahalaang Bayan hinggil sa pagpapatala ng mga kasulatan at ito ay makapagdudulot sa kanila ng malaking kaginhawaan dahil sa mas maayos na serbisyo at sistematikong paglilingkod sa ating mga kababayan;

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay buong pagkakaisang pinagpasiyahan na humiling sa Kagawaran ng Katarungan na magtalaga ng Tanggapan ng Pagtatala ng Kasulatan (Registry of Deeds) sa Bayan ng Muntinlupa.

**PINAGTIBAY** ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang **pang-8th pangkaraniwang pulong** na ginawa ngayong **ika- 24 ng Agosto, 1992 sa Session Hall ng People's Center.**

pahina - 2 -
Kapasiyahan Bilang 92-10

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**PINAGTIBAY :**

**KGG. IGNACIO R. BUNYE**
**Punongbayan**

**PINATOTOHANAN :**

**PETER B. SALONGA**
**Pambayang Kalihim**

**PBS/cpa**